## INTERNATIONAL NAPASA ( November 19th, 2024 )

### 1)INPORMASYON UKOL SA BAKUNA NG PARA SA MGA MATATANDA

高齢者の予防注射のお知らせ

Ang Hiratsuka City ay nagbibigay ng ilang parteng tulong pinansiyal sa gastusin para sa pagbabakuna ng ***INFLUENZA*** at ***NEW CORONA VACCINE*** sa mga matatandang may edad na 65 taong gulang pataas. Ang pagbabakuna ng ***INFLUENZA*** ay mula ***October 16 h***anggang ***January 31, 2025*** ay nagkakahalaga ng **¥ 1600.** At ang pagbabakuna ng ***NEW CORONA VACCINE*** ay mula ***October 16*** hangang ***March 31, 2025*** at nagkakahalaga ng **¥ 2800**. Magpabakuna sa mga ***Institusyong Medikal***. Makikita sa Home Page ng Hiratsuka City ang mga Institusyong Medikal at iba pang mga detalyadong impormasyon. Para sa iba pang katanungan ukol sa bagay na ito ay makipag-alam sa ***HEALTH SECTION (KENKO KA)*** ng Hiratsuka City Office. Telephone Number **0463-55-2111 (0463-55-2111)**.

### 2)PAGPAPAALAM UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa October 24 (Sunday) ay magkakaroon ng ***SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET*** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa ***INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106).**

### 3)IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

魚 直売会のお知らせ

Sa November 23 (Saturday) mula 10:00 ng umaga ay magkakaroon ng derektang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Magbebenta ng mga daing at sariwang isda at ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-0146 ( 0463-21-0146 ).**

### 4)PAGPAPAALAM UKOL SA PAGSASANAY NG PAGSASAHIMPAPAWID NG J ALERT

Ｊ－アラートの試験放送のお知らせ

Sa November 20 (Wednesday) ay gaganapin ang pagsasanay ng pagsasahimpapawid ng ***J-ALERT*** dito sa Hiratsuka City. Ang ***J-ALERT*** ay isang sistema na babalang alarma ng

pagsasahimpapawid sa boung bansa kung may inaakalang pag-atake ng missile o may malaking sakunang magaganap. Ang oras ay mga 11:00 ng tanghali. Ipinapayong mag-ingat na huwag itong pagkamalang totoong ***J-ALERT*** na babala. Para sa iba pang katanungan ay tumawag lamang sa ***RISK MANAGEMENT SECTION (KIKI KANRI KA)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-9863 ( 0463-21-9863 ).**

## 5)UKOL SA PAGDIRIWANG NG HIRATSUKA CIVIC ACTIVITY CENTER

平塚市民活動センターの祭りのお知らせ

Sa November 24 (Sunday) ay magkakaroon ng ***"HIRATSUKA CIVIC ACTIVITY CENTER FESTIVAL ( SHIMIN KATSUDO SENTA MATSURI)*** sa Hiratsuka Civic Activity Center. Ang oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang 3:30 ng hapon. Ang pagdiriwang na ito ay pagpapa-alam ng mga ginagawang aktibidad ng iba't-ibang grupo ng mga mamamayan sa Hiratsuka Civic Activity Center. Mayroong pagbibigay ng mga inpormasyon ng aktibidad ng bawat grupo, booth para sa mga pagsubok, bazaar, mga tindahan at iba pa. Kaya inaasahan namin ang inyong pagdating. Para sa iba pang mga katanungan ukol sa detalye ng pagdiriwangay maaaring makipag-alam sa ***HIRATSUKA CIVIC ACTIVITY CENTER (SHIMIN KATSUDO SENTA ).*** Telephone Number **0463-31-7571 (0463-31-7571).**